

Espesyal na Isyu Edisyong Pilipino Setyembre 8, 2005 www.philippinerevolution.org

Sagpangin ang inisyatiba, paigtingin ang mga opensiba

ay tatlong napakapaborableng mga kundisyon at napakabigat na mga dahilan para atasan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan na agawin ang inisyatiba at patindihin ang mga taktikal na opensiba laban sa reaksyunaryong estado.

Una, ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema ng malalaking komprador at panginoong maylupa ay nagdudulot ng di makayanang pagdurusa sa masa ng sambayanang Pilipino. Kaya nga't ang mamamayan ay naghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Iginigiit nila ang pambansa at panlipunang paglaya mula sa dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ipinagmamalaki nila ang kanilang rebolusyonaryong tradisyon at ang pagpupunyagi at patuloy na paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa. Kumbinsido sila na ang naghaharing sistema ay bulok at wala nang pag-asang mareporma pa. Ang pagpapatindi ng BHB ng mga taktikal na opensiba ay lalo pang magbibigay-inspirasyon sa kanila na ipahayag ang kanilang mga kahilingan at maglunsad ng mga kilos-masa laban sa nakaluklok na rehimen at buong naghaharing sistema.

Pangalawa, ang sosyoekonomikong krisis ay nagluluwal ng pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Tumatalas ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo at nagpapahina ito sa kabuuan ng naghaharing sistema. Ang mga reaksyunaryong wala sa kapangyarihan ay palaging may tunguhing umanib sa isang malapad na nagkakaisang prente kasama ang mga patriyotiko at progresibong pwersa laban sa mga reaksyunaryong nasa kapangyarihan.

Bigo ang pagsisikap ng mga reaksyunaryong nasa kapangyarihan na pangibabawan ang kanilang pagkakahiwalay at kahinaan sa pamamagitan nq paggamit panlilinlang at karahasan. May tunguhin silang gamitin ang militar, pulisya at mga pwersang paramilitar sa kontra-rebolusyonaryong karahasan upang iligtas ang sarili laban sa mga karibal nilang kapwa reaksyunaryo at sa mga pwersang rebolusyonaryo. Kasabay nito, ang mga pwersang militar at pulis ay lalong nagpapaksyun-paksyon dahil sa naqbabanggaang katapatan sa iba't ibang pampulitikang panginoon at mga kriminal na sindikato.

Pangatlo, gamit ang islogang "gera laban sa terorismo," inuudyukan ng US at ng rehimeng Arroyo ang militar, pulisya at mga pwersang paramilitar na agawin ang inisyatiba sa pagtugis sa mga rebolusyonaryong pwersa. Sinasanay ng mga interbensyunistang tropang militar ng US ang papet na militar at pulisya sa mga taktikang kumando ng impiltrasyon at surbeylans gamit ang mga bagong teknolohiya gaya ng mga cellphone, night vision goggles, mga GPS device at surbeylans sa pamamagitan ng satellite.

Subalit hindi mapangingibabawan ng mersenaryong sandatahang lakas ang kawalang kredibilidad nila bilang mga antimamamayang instrumento ng impervalismo at reaksyon, ang pagkakahati nila sa maraming reaksyunaryong paksyon (na ang ilan ay may tunguhing maging disqustado sa naghaharing sistema) at ang kanilang limitadong bilang at limitadong rekurso at kakayahan relatibo sa napakalaking bilang ng mamamayang nagtataguyod sa rebolusyonaryong adhikain at nag-aaruga sa Bagong Hukbong Bayan.

Sagpangin ang inisyatiba, paigtingin ang mga opensiba

Habang nakatitiyak ang mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa na sila ay magtatagumpay at estratehikong makapagmamaliit sa kaaway, dapat nilang seryosohin ang mga taktikal na pinsalang kayang idulot ng kaaway sa mga yunit ng BHB sa isang kampo o habang ang mga ito'y naglalakad. May sariling batayan at mga paraan ang kaaway upang subuking agawin ang inisyatiba sa mga partikular na erya sa ilang pagkakataon. Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay may papalawak at papalalim na baseng masa at may mapamimiliang malawak na hanay ng mga taktika para ipagtanggol ang kanilang sarili, maglunsad ng opensiba at magdulot ng pamatay na mga dagok sa kaaway.

Ang BHB ay umaasa sa baseng masa ng milyun-milyong mamamayan sa buong bansa. Mayroon itong 130 larangang gerilya sa kanayunan. Makapagkakamit ito ng inisyatiba sa paqtalima sa pamumuno ng Partido, sa pakikinabang sa suporta ng mamamayang nakapailalim sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika at nakapaloob sa mga rebolusyonaryong samahang masa at sa direktang pagtataguyod ng mga milisyang bayan at mga yunit-sa-sariling-pagtatanggol ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Sa lahat ng antas, pambansa man o panrehiyon, at sa larangang gerilya, mapag-aaralan ng BHB ang deployment ng kaaway na militar, pulisya at mga pwersang paramilitar, qayundin ang mga linya ng suplay, mga depo o imbakan, mga instalasyon at mga pasilidad. Ang mga ito ay karaniwang lantad. Sa paq-aaral sa ilang dokumento at sa pamamagitan ng obserbasyon, laluna sa antas ng mga rehiyon at larangang gerilya, maitatakda at mapagpapasyahan ng BHB ang pinakamadadali at pinakamahihinang target ng mga sorpresang reyd, ambus, operasyong pag-aresto o demolisyon.

Karaniwan, ang mga istasyon ng pulis, indibidwal na mga tauhan ng pulisya at yunit paramilitar ay madaling disarmahan, kalimita'y kahit walang putok, basta't ang mga elementong nasa loob o malapit sa target ay tumutulong sa BHB sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga datos paniktik at tumutulong sa iba pang napakahalagang aspeto ng operasyon. Maaaring maglusad ng mga operasyong panlalansi.

May mga instalasyon at pasilidad na kailangang-kailangan ng naghaharing sistema at sa mga operasyon ng kaaway subalit wala o manipis lang ang gwardya. Maaaring atakehin at wasakin ng BHB ang ganoong mga instalasyon at pasilidad upang makahadlang o makasagabal sa mga operasyon ng kaaway at mapwersa ang kaaway na mag-aksaya ng tauhan sa pagbabantay ng mga ito. Ang nasabing mga gwardya ay bulnerable ring mga target.

Ang isang kampo militar ay maaaring maging madali, mahirap o imposibleng target ng isang reyd, depende sa laki at pagkakatrinsera ng kaaway at sa kasapatan ng pwersa ng BHB para makapagreyd. Kapag hindi sapat ang kapabilidad ng isang yunit ng BHB na magreyd ng isang kampo militar, pwede nitong piliin na maq-ambus ng mga elemento ng kaaway na lumalabas ng kampo para magpatrulya o kumuha ng sweldo o mga suplay mula sa ibang lugar. Ang isang kampo ay bulnerable rin sa mga bombang incendiary, punglo ng mortar o ng RPG.

Ganyakin ang kaaway na magkamali

Ang mga bulnerabilidad at kahinaan ng relatibong nakapirming mga yunit ng kaaway sa usapin ng laki, lokasyon at distansya mula sa alinmang posibleng reimporsment ay madaling madidiskubre o matitiyak sa pamamagitan ng simpleng mga obserbasyon at malalim na intelidyens. Ngunit ang BHB ay maaari ring gumamit ng ilang taktika upang maganyak ang kaaway na magkamali, at makalikha ng mga oportunidad para sa mga taktikal na opensiba.

Kabilang sa mga taktika ang pag-akit sa kaaway sa kalooblooban, pagkukunwang pasilangan pero aatake sa kanluran, pag-atake sa isang lugar at pag-ambus sa reimporsment, pag-atake sa pagmu-

mulan ng reimporsment, paggamit ng mga land mine, pag-ambus sa mga patrulya ng kaaway at iba pa. Dapat malipol ng BHB ang mga yunit ng kaaway sa mga ambus subalit dapat ding maluwag na tratuhin at bigyan ng pangangalagang medikal ang mga sumusukong sundalo o yaong nawalan na ng kakayahang lumaban.

Malalawak ang mga erya, kabilang ang buu-buong mga lalawigan at distrito na pulis lamang ang nagbabantay. Ang mga pwersa ng pulisya ay maaaring paulit-ulit na disarmahan sa mga kampanyang may iba't ibang saklaw at tagal. Kapag ang mga pwersang militar ay maramihang dumaragsa para ireimpors ang mga pulis, maaaring maglunsad ang BHB ng kampanyang pagdidisarma sa mga eryang mahina ang seguridad ng kaaway.

Ang mga operasyong pagdidisarma ay pwedeng isagawa laban sa mga pribadong armadong gang ng mga palabang pulitiko at pwersang seguridad ng malalaking plantasyon korporasyon. Maaari magsagawa ng mga operasyong pag-aresto at mga aksyong pagpaparusa laban sa pinakapusakal na mga mandarambong at manlalabag ng karapatang-tao sa hanay ng mga upisyal ng gubyerno, militar at pulisya at laban sa mga palabang opisyal at armadong tauhan ng mga empresang lumalabag sa mga batas ng gubyernong bayan hinggil sa mga patakarang panlipunan at pagbubuwis.

Kapag sila'y nakadeploy upang bantayan ang pusakal na mga mandarambong at manlalabag ng karapatang-tao at mga palabang tauhan at mga susing instalasyon ng mga korporasyon at plantasyon, ang mga pwersang militar at pulis ay nalalantad bilang mga kasangkapan ng mga mapang-api at mapagsamantala at ang kanilang lakas ay nahahati. Kapag ang mga mapagsamantala ay nagdaragdag ng

mga pribadong gwardya o mga yunit paramilitar para ipagtanggol ang kanilang mga interes, nangangahulugan ito ng mas maraming armadong tauhan na sa kalauna'y maaaring disarmahan ng BHB.

Dapat mag-inisyatiba ang BHB sa paglulunsad ng higit na mas maraming taktikal na opensiba kaysa sa kaaway. Dapat nitong iwasang magkampo nang matagal o maging kampante saanman, at animo'y naghihintay sa mga pwersa ng kaaway na maglunsad ng opensiba at hinahayaan ang mga itong makagamit ng mga taktikang impiltrasyon at mga instrumentong qumagamit ng bagong teknolohiya. Dapat gawin ng mamamayang bumubuo ng baseng masa na maging bulaq at bingi ang pwersa ng kaaway. At gaano man ang supervoridad ng pwersa ng kaaway sa usapin ng bilang, pagsasanay at kagamitan, sila'y bulnerable at mahina sapagkat hindi nila tinatamasa ang suporta ng sambayanan at sa gayo'y di nila nalalaman kung kailan at saan aatake ang BHB.

Sa paglulunsad ng opensiba, dapat palagiang magkonsentra ng superyor na lakas ang BHB at gumamit ng elemento ng sorpresa upang lipulin ang target na kaaway. Subalit dapat kayanin din ng konsentradong pwersa ng BHB na umatras, maghiwa-hiwalay at muling magtipon ayon sa isang pleksibleng plano. Kapag ang isang supervor na kaaway ay handang-handa sa paglaban, dapat umiwas and BHB at mag-abang ng pagkakataon para mabira ang mga kahinaan nito. Habang umaabante ang pwersa ng kaaway, maaaring pigilin ng mga isnayper ang kanilang pagsulong. Kapag nakakampo ang kaaway, maaari itong iharas at pigiling makapagpahinga. Kapag ang kaaway ay umatras, maaari itong tugisin.

Kapaq ang pwersa ng kaaway na lakas kumpanya, batalyon o brigada ay matagal na nakadeploy sa isang lugar, ang mga pangunahing pwersa ng BHB doon ay maaaring lumipat sa ibang lugar upang maiwasan ang kubkob at patuloy na mahawakan ang inisyatiba sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa mga eksteryor na linya. Kailanman ito kailanganin, maaaring pansamantalang lisanin ng BHB ang isang teritoryo at ilaan ang panahon sa ibang lugar. Ang kabuuang lakas-tauhan ng kaaway, na binubuo ng mga militar, pulisya at paramilitar ay maliit relatibo sa populasyon at teritoryo ng bansa, laluna't ang kaaway ay pwersadong maghati at magtanggol sa napakaraming nakapirming pusisyon at madalas na napipilitang mamili kung magtatanggol ba o mananalakay, magtitipon ba o maghihiwa-hiwalay.

Bulok at naghihingalo ang naghaharing sistema

Ang US, ang mga grupo ng negosyante, ang kumperensya ng mga obispong Katoliko, ang dating pangulong Ramos, at sa isang panahon ang dating pangulong (bago ibasura ng maka-Aguino Arroyong mayorya sa Kongreso ang mga reklamo sa impeachment) ay hayaqanq naqdeklara na ayaw nilang mapabagsak ang rehimeng Arrovo sa pamamagitan ng kilusang masang may kasabay na pag-aatras ng suportang militar, kagaya ng pagpapatalsik kay Marcos noong 1986 at kay Estrada noong 2001. Ipinahayag nila ang kanilang pangamba na baka lumakas ang rebolusyonaryong kilusang masa at mayaniq ang mismong naghaharing sistema.

Ngunit ang pagtatagal sa poder ng walang kredibilidad at napahi-

walay nang rehimeng Arroyo ay nagdudulot din ng ilang bentahe kapwa sa ligal na demokratikong kilusang masa at sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Patuloy na palulubhain ng bumabantot na rehimen ang naghihingalong katangian ng naghaharing sistema at papawiin ang kredibilidad ng lahat ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa, mga institusyon at mga personahe na nagpapalampas sa korapsyon, pandaraya sa eleksyon, pagpapakatuta ng rehimen at mga paglabag nito sa karapatang-tao.

Nagtatamo ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng sapat na panahon para magpalakas sa pamamagitan ng pagsagpang sa inisyatiba at pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba. Sa pamamagitan ng natitipong armadong lakas ng BHB, makapaglulunsad ito ng higit na madalas at higit na malalaking opensiba sa mas malawak na saklaw. Dahil bulok at naghihingalo na ang naghaharing sistema, hindi na malaking usapin kung kagyat na mapatatalsik ang rehimeng Arrovo o kung makapananatili pa ito hanggang 2010 bilang kinamumuhiang target ng iba't ibang anyo ng paglaban ng mamamayan.

Mahiqpit na inaatasan ng PKP ang BHB na umiwas sa direktang paglahok sa anumang nagaganap na mga ligal na aksyong masa sa mga sentrong lunsod. Ngunit maaari itong maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga target na malayo sa mga aksyong masang ito. At kapag wala nang mga aksyong masa sa mga sentrong lunsod, maaaring maglunsad ng mga espesyal na operasyong militar kapwa sa kanayunan at kalunsuran na ikalulugod at pasasalamatan ng mamamayan at lalo pang magpapatunay sa kawalang kakayahan ng rehimen na mamuno.



Espesyal na Isyu Edisyong Pilipino Setyembre 8, 2005 www.philippinerevolution.org

Sagpangin ang inisyatiba, paigtingin ang mga opensiba

ay tatlong napakapaborableng mga kundisyon at napakabigat na mga dahilan para atasan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan na agawin ang inisyatiba at patindihin ang mga taktikal na opensiba laban sa reaksyunaryong estado.

Una, ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema ng malalaking komprador at panginoong maylupa ay nagdudulot ng di makayanang pagdurusa sa masa ng sambayanang Pilipino. Kaya nga't ang mamamayan ay naghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Iginigiit nila ang pambansa at panlipunang paglaya mula sa dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ipinagmamalaki nila ang kanilang rebolusyonaryong tradisyon at ang pagpupunyagi at patuloy na paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa. Kumbinsido sila na ang naghaharing sistema ay bulok at wala nang pag-asang mareporma pa. Ang pagpapatindi ng BHB ng mga taktikal na opensiba ay lalo pang magbibigay-inspirasyon sa kanila na ipahayag ang kanilang mga kahilingan at maglunsad ng mga kilos-masa laban sa nakaluklok na rehimen at buong naghaharing sistema.

Pangalawa, ang sosyoekonomikong krisis ay nagluluwal ng pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Tumatalas ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo at nagpapahina ito sa kabuuan ng naghaharing sistema. Ang mga reaksyunaryong wala sa kapangyarihan ay palaging may tunguhing umanib sa isang malapad na nagkakaisang prente kasama ang mga patriyotiko at progresibong pwersa laban sa mga reaksyunaryong nasa kapangyarihan.

Bigo ang pagsisikap ng mga reaksyunaryong nasa kapangyarihan na pangibabawan ang kanilang pagkakahiwalay at kahinaan sa pamamagitan paggamit nq panlilinlang at karahasan. May tunguhin silang gamitin ang militar, pulisya at mga pwersang paramilitar sa kontra-rebolusyonaryong karahasan upang iligtas ang sarili laban sa mga karibal nilang kapwa reaksyunaryo at sa mga pwersang rebolusyonaryo. Kasabay nito, ang mga pwersang militar at pulis ay lalong nagpapaksyun-paksyon dahil sa nagbabanggaang katapatan sa iba't ibang pampulitikang panginoon at mga kriminal na sindikato.

Pangatlo, gamit ang islogang "gera laban sa terorismo," inuudyukan ng US at ng rehimeng Arroyo ang militar, pulisya at mga pwersang paramilitar na agawin ang inisyatiba sa pagtugis sa mga rebolusyonaryong pwersa. Sinasanay ng mga interbensyunistang tropang militar ng US ang papet na militar at pulisya sa mga taktikang kumando ng impiltrasyon at surbeylans gamit ang mga bagong teknolohiya gaya ng mga *cell-phone, night vision goggles,* mga GPS *device* at surbeylans sa pamamagitan ng *satellite*.

Subalit hindi mapangingibabawan ng mersenaryong sandatahang lakas ang kawalang kredibilidad nila bilang mga antimamamayang instrumento ng impervalismo at reaksyon, ang pagkakahati nila sa maraming reaksyunaryong paksyon (na ang ilan ay may tunguhing maging disgustado sa naghaharing sistema) at ang kanilang limitadong bilang at limitadong rekurso at kakayahan relatibo sa napakalaking bilang ng mamamayang nagtataguyod sa rebolusyonaryong adhikain at nag-aaruga sa Bagong Hukbong Bayan.

Sagpangin ang inisyatiba, ilunsad ang mga opensiba

Habang nakatitiyak ang mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa na sila ay magtatagumpay at estratehikong makapagmamaliit sa kaaway, dapat nilang seryosohin ang mga taktikal na pinsalang kayang idulot ng kaaway sa mga yunit ng BHB sa isang kampo o habang ang mga ito'y naglalakad. May sariling batayan at mga paraan ang kaaway upang subuking agawin ang inisyatiba sa mga partikular na erya sa ilang pagkakataon. Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay may papalawak at papalalim na baseng masa at